# Anong Kailangan Malaman ng Mga Magulang tungkol sa Fentanyl

**Ang Fentanyl ang nangungunang sanhi ng kamatayan para sa mga taong may edad na 18-45.**

**Nasa anyong pill o pulbos ang Fentanyl.**
Ginagawa ang mga pill para **magmukhang totoong gamot** tulad ng oxycodone o Percocet. Hindi mo malalaman kung may fentanyl ang pill o pulbos – **hindi mo ito makikita, maaamoy o malalasahan.**

**Maaaring nakakamatay ang kahit 2mg ng fentanyl.**

**Ibinebenta ito sa social media.**
Posibleng ibinebenta ito **ng isang kakilala ng iyong teenager**. At maaaring **hindi alam ng nagbebenta** na nagbebenta siya ng **mga pekeng pill na may fentanyl**.

**Kung nag-o-overdose ang isang tao, maaaring maligtas ng naloxone ang kanyang buhay.**
Bisitahin ang **www.sdpdatf.org** para matuto pa tungkol sa naloxone.

Mga tip para sa pakikipag-usap sa iyong mga anak tungkol sa droga: **www.samhsa.gov/talk-they-hear-you/parent-resources**

COUNTY OF SAN DIEGO HHSA HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY

LIVE WELL SAN DIEGO

SAN DIEGO DISTRICT ATTORNEY CALIFORNIA

CCR Center for Community Research

# Mga Bagay na Dapat Bantayan

- Mga pagbabago sa grupo ng kaibigan o pag-iisa.
- Kahirapan sa pakikipag-ugnayan, kasama ang posibleng malabong pananalita.
- Pagiging iritable o hindi pagsunod na naiiba sa karaniwan.
- Pagpapabaya sa personal na hitsura at kalinisan.
- Kawalan ng enerhiya.
- Mga kagamitan: mga pinutol na straw, aluminum foil, lighter, karayom, kutsara, glass na tubo.

- Isang nakakaabalang katotohanan na hindi nagpapakita ang ilang tao ng mga panlabas na senyas na gumagamit sila o nagkakaproblema sila.
- Panatilihing bukas ang pakikipag-ugnayan at maging handang magkaroon ng mahihirap na usapan.
- Maging available at huwag maghusga, at hikayatin ang iyong anak na pumunta sa iyo para sa mga tanong at alalahanin.

## Saan Makakakuha ng Tulong

**San Diego County Access & Crisis Line**
Tumawag sa **1-888-724-7240**.
*Libre • Kumpidensyal • 24/7*

**2-1-1 San Diego**
Tumawag sa **2-1-1** para sa mga referral sa paggamit ng gamot at paggamot sa kalusugang pangkaisipan.

**It's Up to Us**
Bisitahin ang **Up2SD.org** para sa mga impormasyon at mapagkukunan sa kalusugang pangkaisipan at sakit sa paggamit ng gamot.

**PDATF San Diego County**
Bisitahin ang **www.sdpdatf.org** para sa Mga Toolkit sa Edukasyon at Kamalayan ng Komunidad at Magulang Tungkol sa Fentanyl (Community and Parent Fentanyl Education and Awareness Toolkits)